# NPA sa Facebook

John Carlo S. Santos*
jssantos14@up.edu.ph

*Hunyo 8, 2020*
*Commission on Human Rights*
*Lungsod Quezon, Kalakhang Maynila*

Ako po si Keith Rein Santamaria, nagtapos sa Unibersidad ng Pilipinas–Diliman, naninirahan sa Barangay 168, Lungsod ng Maynila. Ipinadala ko po ang liham na ito para humingi ng tulong at proteksiyon laban sa mga militar. Nangangamba po ako sa kaligtasan ko at ng aming pamilya.

Noong Hunyo 4, pumunta po ako, kasama ang aking ate, kay Kapitan Donny Dimaculangan ng Bgy. 168 upang pag-usapan ang aking trending Facebook post tungkol sa nasaksihan kong pagmamaltrato ng tanod sa batang nagbibisikleta sa kalye ng Champaca, ala-una ng madaling-araw. Ito ay nang mabalitaan ko sa aming kapitbahay na hinahanap ako ng ex-officio ng barangay.

Nagsisimula pa lamang po ang usapan namin nina Kapitan Donny nang dumating ang dalawang mula umano sa Philippine National Police. Walang uniporme. Naka-cargo shorts, puting santo, at itim na face mask. Mata lamang nila ang nakikita namin. Isang singkit. Isang bilugan. Parehong

**Si **JC S. Santos** ay gurò ng panitikan sa UP Diliman Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas na nagtuturò ng Panitikan ng mga Rehiyon sa Pilipinas (Pan Pil 103), Panitikang Oral ng Pilipinas (Pan Pil 130), Panitikan at Lipunan (Pan Pil 190), at ibá pang kursong pampanitikan gáya ng Panitikan at Kulturang Popular (Pan Pil 17). Kasalukuyan niyang tinatápos ang kaniyang masteradong tesis tungkol sa búhay at saliksik ni Esperidión Arsenio Manuel. Samantála, natápos naman niya ang batsilyer, BA Philippine Studies, nang may karangalang magna cum laude. Kumuha siya ng mga kurso sa Asian Center at Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan. Ang pumpon ng kaniyang pananaliksik ay nasa hanay ng panitikang oral, kuwentong-báyan, kaalamáng-báyan, at epiko, etnoepiko.*

malalaki ang tiyan, kamukha ng tatay ko at ng bespren niyang si Ben, mga manginginom ng kanto. Yung singkit, naka step-in. Yung bilugan, naka-Crocs na puti. Wala silang sinabing pangalan, walang ipinakitang ID, pero malalakas ang boses, PNP daw sila. Kagyat na lamang na umupo katabi ko't nahaharangan ang pinto.

Saglit pa'y sumigaw ang singkit. Ako raw si KR Santamaria, ang nag-post ng kasinungalingan sa Facebook. Napatunayan daw nilang galing ako ng UP at na isa akong miyembro ng New People's Army. Kalaban daw ako ng gobyerno.

Sinasabi niya ito habang itinataas ang kaliwang kamay, gaya ng ginagawa naming magkakaibigan habang nagmamartsa sa AS patungong Quezon Hall patungong Mendiola sa bawat pagkilos na aming kinakasa bago pa ang kuwarentena.

Sumigaw rin ang bilugan. Tinatanong niya kung saang grupo ako kasapi at anong seminar, organisasyon ang dinaluhan ko't kinabibilangan.

Hindi po ako umimik sa gúlat at taranta. Habang patuloy sila sa pagbomba ng mga katanungan at pagbabansag sa akin bilang aktibista, terorista, komunista, at miyembro ng NPA.

Tumagal nang halos tatlong-oras ang interogasyon na sa huli, sinabi nila, verbatim, "hindi rito nagtatapos ang usapin." Asahan ko raw pong may darating pang mga kasamahan nila para patuloy akong imbestigan.

Nang makauwi po ako sa bahay, biglang nawalan ng koryente sa buong eskinita. Sunod-sunod ang wangwang ng mga mobil ng pulis at nangangamba akong maaari nila akong kunin o patayin anumang oras, gaya ng mga nababalitaan sa TV.

Kahapon din po lamang, Hunyo 7, may lalaking pumunta sa apartment namin na nagpakilalang taga-DITO Communications. May malaking backpack at bitbit na helmet. Nakasuot ng long-sleeve shirt, washed

maong pants, safety shoes, at face mask. Matangkad. Parang manginginom din ang tiyan, nakausli, gaya ng sa mga nagpakilalang militar sa barangay.

Mayroon daw po siyang aayusing internet. Pero nang aming tanungin kung ano ang ngalan ng kliyente, wala siyang nasabi. Nagmamapilit lamang siyang pumasok sa apartment para umano bumilis ang aming internet, subalit nang sinabihang hindi puwede dahil wala siyang kilala rito, agad na itong umalis at hindi na bumalik pa.

Araw-araw po akong nangangamba sa seguridad ko at ng aking buong pamilya. Sa bawat kaluskos, palagian akong naaalarma at sumasagi sa isip kong maaari nila akong bitbitin at patayin, lalo pa't pinipilit nilang bahagi ako ng NPA.

Lilinawin ko lamang po: wala pong katotohanan ang lahat ng binibintang nila. Hindi ako kasapi ng NPA.

Kailangan ko po ng tulong.

## DETALYE NG INSIDENTE

Noong Hunyo 4, 12:56 ng umaga, nagpadala ako ng mensahe sa TEXT MAYOR ABI upang iulat ang nakita kong pagmamaltrato sa kalye ng Champaca. Matapos ang limang minuto, nagpadala ako ng follow-up message para sabihing umalis na ang grupo ng mga lalaki bitbit ang batang hinuli. Ipinost ko po sa Facebook ang nasaksihan kong pangyayari. Ilang minuto lamang ang nakalipas ay nakakuha agad ito ng 448 post shares, 30 comments at replies, at 573 reactions. Angry kalimitan.

Malinaw ang pangyayari dahil ilang metro lamang ito mula sa aming apartment.

Nasa ikatlong palapag kami ng kapatid ko, tanaw sa veranda, na hinúli ng isang payat na tanod ang batang lalaking nagbibisikleta. Pinosas

ang bata sa kanilang dalang traysikel-patrol at dalawang beses na pinalo sa ulo gamit ang bitbit nilang kahoy (tila arnis dahil bilog ang kahoy). Namataan ko rin ang isang lalaking nakaunipormeng pansundalo (camouflage) na lumabas mula sa isang eskinita, na bagaman nakita niyang kinukuyog ng grupo ng mga lalaki (sa sapantaha ko'y tatlo ang tanod dahil pare-parehong nakaputi; may dalawa pang kasamang tila tambay lang na lumahok sa kaguluhan) ang naturang bata ay hindi niya ito sinuway. Tiningnan niya lamang ang pangunguyog na para bagang nanonood ng sabong.

Narinig ko rin sa isang tanod ang mismong mga katagang "menor de edad na ang iba riyan, maaari nang bumanat niyan." Tumawa sila.

Sumahog ang isa pang tanod. Verbatim, "hindi naman 'to magsusumbong, takot niya lang." Pagbigkas, kinaltukan niya ang ulo ng bata.

Umalis na ang patrol bitbit ang nakaposas na bata at ang sinasakyan niyang bisikleta kanina.

## NANG IPATAWAG AKO SA BARANGAY

Ika-5 ng hapon, habang nagtatrabaho ako sa kuwarto, sinabihan ako ng aking kapatid na si Teni na kinausap siya ni Aling Ine, kapitabahay namin. Mayroon daw opisyales ng barangay na naghahanap sa nagngangalang KR Santamaria o Keith Rein Santamaria. May bitbit itong dalawang pahinang papel.

Nanlamig na ako. Natiyak kong agad na tungkol ito sa aking Facebook post.

Dumungaw ako sa veranda, sa parehong veranda kung saan ko nasaksikan ang pagmamaltrato sa bata, pero wala naman akong natanaw na tagabarangay. Hinintay ko na lang siya bumalik para pormal sana ang pagtúngo ko sa barangay pero tumunog ang phone ko. Pinadalhan ako ng mensahe ni Charles Jann Tombayoyong. Nang silipin ko, siya nga. Ang ex-officio dito sa 168.

Retrato ng liham. Imbitasyon. Nais makipagdiyalogo ni Kapitan Donny nang malinawan sa isyu ng post ko.


Una pa nga, natawa pa ako. Unang beses ko kasing makatanggap ng liham mula sa barangay. Ganito pala talaga. Halos kalahati ng pahina portrait photo ni Kap.


Tiningnan ko. Nag-reply akong darating ako pagtapos ng trabaho. Alas siete, sabi ko. Hindi nag-reply si Jann pero nabása niya, tiyak ko.


Bigla akong nagkaideyang silipin ang message requests sa Messenger. Baka kako may mga hindi pa ako nababása. At tama nga ang aking hinala. Naroon ang photographer ng Manila Bulletin, nag-iinquire kung puwede akong makapanayam. May isang chief-of-staff daw ni Konsehal Weng Valerio. Ano raw ang aksiyon ni Kap Danny o wala raw bang aksiyon para maisumbong sa city hall. Kalaban siguro siya ni Kap sa eleksiyon? Interesado sa pagbagsak ng kapitan, e.

May isa rin, sekretarya raw ng Barangay 172. Makikitanong kung ano ang lagay ng bata at ano raw ang pangalan ng tanod nang maipahanap. Tumugon ako. Sabi ko, hindi ko alam. Ang reply, verbatim, “snA t nanuG mu.”

Ito pa po ang ilan:




Anu ba yan ayaw naman mag reply para mapag usapan natin yung nangyari kagabi. Kung may tama yun at may palo talaga sa ulo e unang una medical dapat gagawin dun.
6/4/20, 6:21 PM
Pwede ka raw pumunta sa brgy para masabi mo lahat ng nakita mo, nandun lahat ng proof na taliwas dun sa mga snasabi mo sa susunod wag palaging tirahin ang gobyerno. Minsan nasa tao na rin mismo yung problema godbless
If you reply, John Angelo will also be able to call you and see info like your Active Status and when you've read messages.
I don't want to hear from John Angelo
6/4/20, 2:58 PM
Boss fyi lang po, hindi na po menor de edad yang nasa post mo. normal lang yung ginawa. pero pano kung hindi ginawa yon?? Edi uulit ulitin lang di yang mga kagaguhan na ginagawa nila sa brgy naten.
Im not against on you, pero mali lang din yung pagkakasabi mo boss.
Angelo replied to themselves
Boss fyi lang po, hindi na po menor de edad yang nasa post mo. normal la...
Maswerte pa nga yan walang mga nakatambay sa kanto
At hindi sundalo yung mga yon. Pulis yon.
Naka sar uniform sila.
Sa susunod po pakiayos yung pagpopost, alamin ang information hindi yung puro banat lang tayo boss!!!
Bat hindi nyo po kami kausapin?
Bakit ayaw mo kami mismo harapin boss???
Sagot boss????
Utak talangka.




Bukod sa panlilibak – basura, utak-talangka, taga-UP ka pa man din – napansin kong may sinasabi silang ipinatawag daw ako sa barangay pero pinili kong hindi magpakita, duwag daw akong mapahiya. Pinangungunahan ni Jann ang komentong ito na sinundan ng iba pa niyang kaibigan.






Nagpasama ako kay Ate Jasmin (kapatid ko) sa pagtungo sa barangay para maging witness. Lagpas alas siete ng gabi na kami dumating sa barangay at halos tatlumpung minuto naming hinintay ang pagdating ni Kapitan Donny.

Sa pakikipagkuwentuhan habang naghihintay, nalaman naming si Kap pala ay nagpositibo sa COVID-19 noong isang araw. Gayunpaman, tuwang-tuwa at buong pagmamalaking sinabi ng sekretarya, si Ate Anne, na pupunta pa rin ito sa barangay para kausapin kami nang personal at nang masolusyonan ang “ginawa kong problema”. Ganoon daw kadedikado sa serbisyo si “Kuya Don Don” – kahit may-sakit, pupunta pa rin para kausapin ako.

Siyempre, nagulat ako. Sabi ko, hindi iyon puwede. Makahahawa siya ng tao. Baka mahawa ako. Senior citizen ang nanay ko. Sanggol ang anak ng ate ko. Embes na tumúngo sa tanggapan, dapat ay nakakuwarentena siya nang 14 araw bago lumabas at muling magtrabaho. Protokol iyon ng DOH.

Nang sinabi ko iyan at nilinaw, biglang nagbago ang mood ni Ate Anne. Pabalang na niya akong sinagot na tapat lamang si Kap sa trabaho kayâ dapat pa nga akong magpasalamat.

Tumalikod pa. Bumulong. “Dilawan. Ewan ko na lang sa’yo mamaya.”

Ilang minuto pa’y dumating na si Kap Donny. Naka-maong pants, black shoes, at kumikinang-sa-puting polo shirt ng Lacoste. Kinuwento niyang positibo siya pero naka-face mask naman daw at nag-aalcohol kaya “safe”.

Hindi rin siya nakipagkamay kaya “safe”. Niyaya niya kami agad sa ikalawang palapag ng barangay.

Ngayon ko lang ito naakyat. Labing-dalawang hakbang. Máta. Ang kuwarto, masikip.

Tatlo kaming umakyat. Sumunod si Jann. Apat kami pero halos mapuno na ang kuwarto. May isang mesang kahoy at pitong puting monobloc chairs. Nagpaalam si Jann. Bubuksan daw ang aircon kaya kailangang isara ang dalawang bintana at ang pinto.

Binati kami ni Kap. Nagpakilala. Nagpauna agad siya ng disclaimer na hindi nila tanod ang nakita ko. Batay sa retrato, taga-172 umano sila dahil sa puting kamisa. Uniporme raw ito ng kabilang barangay. Wala uniporme ang mga tanod ng 168.

Inamin niya rin sa aming ayaw niyang lumabas at baka makahawa ng sakit. Pero, tinadtad siya umano ng personal na tawag mula kay Mayor Abi. Minamandatuhan siya umanong ligpitin ang problema dahil umiingay na ang Facebook post.

## MGA SENYAS

Apat kaming nagpasimula ng usapan – ako, si ate, si Kapitan, at si Jann na nagpakilalang ex-o. Matapos naming magpakilala ni ate at habang hinihintay namin ang kanilang admin officer, nilinaw muli ni Kap na hindi nila tanod ang nakita naming pumukpok sa ulo ng bata. Makikita raw sa retrato na nakaputing damit, maong, at sapatos ang may hawak ng yantok – palatandaan ng mga tanod ng Barangay 172. Pinaulit-ulit niya’t nilinaw na walang uniporme ang kaniyang mga tanod, madalas pa’y nakatsinelas lamang. At aniya, pinatawag ako para linisin ang pangalan ng Barangay 168. Nagmamatyag umano ang hanay ng kalaban sa eleksiyon at baka gamitin itong kontra sa malinis niyang pamumunò.

Bago pa man siya makapagpatuloy ng kuwento, dumating na ang admin officer. Hindi siya nagpakilala, subalit sinabi niya sa akin na siya'y kapatid ng Math teacher ko noong hay-iskul na si Ma'am Martina Cupcupin. Pagpasok sa pinto, sumenyas siyang agad kay Jann. Pansin ko iyon. Tumangó kasi ang ulo ni ex-o. Tila nagkaintindihan na sila ng pinasang mensahe.

Halinhinan silang tatlo sa pagpapaliwanag sa amin. Na mayroong tatlong bata (ayon kay kapitan at admin officer, subalit sabi ni Jann ay "mukha" lamang bata pero hindi tiyak ang edad dahil walang katibayan) na nagnakaw ng bisikleta. Ang mismong batang nakita kong pinukpok sa ulo ay nahuli sa McDonald's saka tumakbo sa kalye ng Champaca. Mga tanod ng Barangay 172 ang nakahuli rito. Matapos gawan ng ulat (blotter), agad naman umano itong ipinasa sa 168, sapagkat ang Champaca ay sa ilalim ng 168.

Nakikinig akong taimtim kahit na natatakot na mahawahan. Labas kasi ilong ni Kap sa face mask. Subalit ilang saglit pa, may kumatok sa pinto at tinawag si Jann. Pagbalik niya'y bumulong siya kay kapitan. Narinig ko at naramdaman ko ang senyas – nasa baba raw ang mga pulis at gusto nilang umakyat. Hindi kami inabisuhan ni kapitan. Pinaakyat niya sila nang hindi kami pinaalalahanan man lamang.

## NPA SA FACEBOOK

Dumating ang dalawang nagpakilalang militar, pulis umano mula sa Philippine National Police. Walang uniporme. Naka-cargo shorts, puting santo, at itim na face mask. Mata lamang nila ang nakikita namin. Isang singkit. Isang bilugan. Parehong malalaki ang tiyan, kamukha ng tatay ko at ng bespren niyang si Ben, mga manginginom ng kanto. Yung singkit, naka step-in. Yung bilugan, naka-Crocs na puti. Wala silang sinabing pangalan, walang ipinakitang ID, pero malalakas ang boses, PNP daw sila. Kagyat na lamang na umupo katabi ko't nahaharangan ang pinto.

Pagkaupo nila, isa ang kaagad nagwika: "Huwag na tayong paligoy-ligoy pa. May laman ang post mo. Kalaban ka ng gobyerno." Nagulat ako sa kaniyang pangungusap pero agad akong sumalag: "Hindi po iyon ang intensiyon ng post ko." Nagsasalita pa lamang ako'y tuloy-tuloy na niyang iniisa-isa ang laman ng post ko habang sinusugan ng kasama niya. Pinanggigigilan ng isang militar ang mañanita, ayuda, at mass testing. Bakit ko raw isinama sa post ko ang mga salitang ito gayong ang ulat ko ay tungkol lamang sa batang pinalo ng kahoy?

Tinanong nila ako kung ano ang intensiyon ko. Malinaw, makailang-ulit, at halos hindi ko na mabilang, sinabi ko na kasalanan sa batas ang pumalo ng menor de edad; hindi makatao, labag sa batas. Kaya po ako nag-post ay para ipaalam sa lahat na mali ang magmaltrato ng bata anuman ang kasalanan niya – nagnakaw o anuman.

Nagbabadya pa akong magpatuloy sa pagpapaliwanag subalit tinaasán na ako ng boses ng singkit at inulit na kalaban ako ng gobyerno at halatang makakaliwa. Sinasabi pang malalim ang aking Tagalog na para bang Kawikaan (tumutukoy marahil sa libro sa Bibliya). Tinataas niya ang kaliwang kamay niya habang dinuduro-duro niya ako't pinagtataasan ng boses: "Kalaban ka ng gobyerno. Katulad ka ng mga hinuhuli naming aktibista."

Sa bawat pahayag nila'y sinusubukan ko (at ng ate ko) na sumagot. Pilit ko ring sinasabi na bahagi ng adbokasi ko ang kalagayan at karapatan ng mga bata, subalit hindi nila ako pinakikinggan. Halos lahat ng mga pangungusap ko ay hindi ko natatapos dahil panay ang singit nila habang dinuduro ako at tinataasan ng boses. Paulit-ulit, palagian nilang sinasabi na katulad ako ng mga táong hinúli at nakalaban nila sa bulubundukin ng Samar, mga miyembro ng NPA. Ipinapaliwanag niya rin na alam kong may klasipikasyon ang mga NPA – mayroong tagabundok at mayroong nasa kapatagan o iyong "white line". Bagaman may kaunti akong alam tungkol dito buhat ng isa sa aking mga pananaliksik noong batsilyer, hindi ko pa rin talaga maintindihan ang kanilang sinasabi. Paulit-ulit kong sinasabing hindi ako NPA, hindi ako terorista, at hindi ako kasapi ng kung anong ipinipilit nila.

Makailang-ulit ding binanggit at tinanong kung ano ang dahilan kung bakit isinama ko ang "matabang kalbo" sa post ko. Ano raw ang koneksiyon nito sa pagpalo ng tanod sa ulo ng bata? Sinubukan kong sagutin, subalit simula pa lamang ako ng aking pahayag ay dinuro nila akong muli, pinagtaasan ng boses, at sigurado umano silang may laman ang post ko at kalaban ako ng gobyerno, gaya ng mga kasong naranasan nila noon sa bulubundukin ng Samar.

Gayundin ang pag-ungkat sa post ko nang sabihin kong may nakita akong "nakaunipormeng pansundalo". Sigurado raw ba akong nakita ko, sino raw ang nakita ko, at ano raw ang partisipasyon nito sa pagmamaltrato sa bata. Panay ang tanong nila subalit hindi naman nila ako (at ang ate ko) binibigyan ng pagkakataong sumagot.

Binanggit din ang paglalagay ko ng komento tungkol sa mga dapat at hindi dapat gawin ng isang pulis kapag may operasyon. Ano raw ba ang pakay noon at bakit panay taliwas sa gobyerno ang sinasabi ko. Isa pa, hindi ko malilimutang biniro ako ng bilugang militar: "ano, nagpapa-cute ka ba sa Facebook parang sa Tiktok mo?" Marahil, pakiramdam ko'y nakita na nila at nirebyu ang profile ko sampu ng mga impormasyong nakita nila sa Facebook. Kaa-upload ko lang kasi ng TikTok dance noong Hunyo 2.

Tinanong ang lahat ng aking kinabibilangang institusyon at organisasyon mula elementarya hanggang kolehiyo. Ultimo itsura ng AS Lobby, ang pulungán ng mga organisasyon sa kolehiyo ay kailangan ko pang ipaliwanag sa kanila sapagkat tinatanong nila ang lahat ng interaksiyon ko sa UP. Binababanggit nila ang mga Anakbayan, League of Filipino Students, Kabataang Makabayan, Lean Alejandro, Joma Sison at iba pa.

Pati ang iskolarsyip ko noong nasa UE pa ako (tatlong taon ako sa UE bago lumipat sa UP), sa ilalim ni Mayor Abi, ay tinanong at saka ako kinantiyawang "parang anak na sumisira sa kaniyang ina" dahil sa idinawit ko ang pangalan ng Barangay 168 at ng Maynila sa post.

Kinuha nila ang lahat ng detalye ko – pangalan ng opisina, kasama sa bahay, iskedyul ng pag-alis sa bahay, kontak, at iba pang personal na mga impormasyon. Pati Facebook ko. Buksan ko raw sa kanila ang Facebook at Messenger. Titingnan nila kung sino ang mga kausap ko at mga grupong kinabibilangan ko.

Noong una'y tumanggi ako. Tinanong ko kung bakit at kung para saan. Sinuportahan ako ng ate ko. Nagsalita siya, verbatim, "Kayo nga walang ipinakitang ID."

Tumayo ang isa.
Humawak sa bulsa.
Tumayo rin bigla ang kasama niya.
Hinawakan ang kamay niya.
Umupo sila.

Pasigaw na ipinaliwanag na kakailanganin nila ang impormasyon ko para sa mas mahabang imbestigasyon.

Kitang-kita ko ang mga senyas. Kita ko si Kap. Pumikit. Ang admin officer niya, pumikit din. Si Jann, nakatingin sa akin, nakangiti.

Pinagpawisan ako't biglang nanlamig. Ibinigay ko ang buo kong wallet sa kaniya. Pati cellphone.

Higit tatlong-oras ang nangyaring interogasyon, hanggang sa huli, hindi nila ako tinigilan sa pagsasabing ako ay bahagi ng makakaliwang grupo laban kay "Tatay Digong." Ang datíng sa akin ng huli nilang pahayag ay pagbabanta: "hindi rito nagtatapos ang usapin." Umalis silang hindi nagpapakilala, ni hindi nila nilinaw kung saan nila gagamitin ang mga pinagsususulat nilang impormasyon tungkol sa akin. Tinangay ang cellphone ko.

## TINANGGI NILA ANG PAGMAMALTRATO SA BATA

Nakatatawang isipin na ang pangunahing pakay ng diyalogo ay ang paglilinaw sa kaso ng batang nasaksihan kong pinalo ng kahoy sa kaniyang ulo, pero nagmistulan itong palamuti lamang ng kabuoang daloy. Pasingit-singit si Jann at ang admin officer tungkol sa kalagayan ng bata. Ipinakita rin sa akin ni Kap ang retrato ng medical certificate umano ng batang si Joshua, ang nakasulat na pangalan sa blotter. Bagaman kinilala ko ang sertipiko, hindi pa rin ako tiyak kung sinong bata ba iyon. Ang sigurado lamang ako, nakita kong pinalo siya nang dalawang beses sa ulo.

Muli, tinatanggi nila ang pangyayari. Pinatulog pa raw nila sa barangay at pinakain ang bata bago inihatid (at pinakawalan) sa Barangay 286, kung saan daw ito nakatira.

Sinabi rin ito ng pulis kanina: “Bawal kaming manakit ng bata”. Pero dinagdagan niya ng patanong at pahaging: “Pagod din kami at may emosyon, ano ang gagawin mo kapag menor de edad ang sumaksak sa’yo?…”

Sa likod nito, lagi kong pinipilit, rehabilitasyon ang kailangan ng mga bata at hindi pang-aabuso. Kahit na ganito ang tindig ko, hindi pa rin sila naniniwala. Bumabalik at bumabalik sila sa pakay – na ako ay bansagan, pigain, at piliting miyembro ng NPA, aktibista, terorista, at kalaban ng gobyerno – lahat dahil sa aking trending Facebook post.

Hindi naman daw nila ako pinipilit na burahin ang post. Nasa sa akin naman daw iyon. Pero si Kapitan Donny, sabi niya na sana ay malinis ang pangalan ng barangay, lalo pa’t ginagamit na raw ito ng kalaban niya sa posisyon. Ito ang dahilan kung bakit ako nag-TEXT Mayor Abi at naglagay ng “Update” sa mismong post para tupdin ang usapan naming ng kapitan. Ayoko sana, pero wala yata akong choice kundi sumunod.

Bago kami umuwi, bumulong sa akin si Kap. “Pasensiya ka na, Keith. Nanalangin ako. Salamat sa kooperasyon. Salamat dininig tayo.”

Lakip po nito ang transcript ng aking FB post.

Sa mismong iskinita namin, [redacted] nasaksihan namin ng kapatid ko na pinagtutulungang bugbugin at paluin ng kahoy sa ulo ang batang nahuli nilang nagbibisikleta. Grupo sila ng mga tanod (mga taong rumoronda) at may namataan pa kaming nakaunipormeng sundalo na pare-parehong walang face masks.

Unang beses kong makakita ng minamaltratong bata. Walang laban ang bata, pero hinahampas ng kahoy ang ulo niya. Para saan?* At tama bang bugbugin ang bata? Oo, may curfew. Oo, may COVID. Pero lisensiya ba ito ng kung sinong tao para bumugbog ng walang laban*? Ganito ba ang gusto nating batas?

Hindi ito makatao. Hindi dapat ganito ang lipunan. Nasaan ang gobyerno? Walang mass testing, kulang na ayuda, tapos bugbog ang ibibigay sa mga Filipino?

Nagpadala ako ng mensahe sa numero ng munisipyo, gagawan daw nila ng aksiyon. Sana nga totoo. Kasi, ang huli kong naalalang tao ng pasistang gobyerno — iyong pumatay ng bata, nagmaltrato ng kapwa, nagpasimuno ng mañanita, lahat ligtas at hindi naparusahan.

Uulitin ko, hindi ito makatao. Krimen ito. At biruin mo, tinanong pa ako kung ano raw pangalan ng tanod? Ibang klase.

At puwede ba, anomang dahilan, hindi dapat bumugbog (o pumatay) ng sinoman. Nagnakaw man o kung ano, hindi ito dahilan para tanggalan ng karapatang ipagtanggol ang sarili sa mata ng batas.*

UPDATE: Napatunayan na hindi tanod ng [redacted] ang pumalo sa bata. May medical report din na nasa mabuting kalagayan na ang bata ngayon. Salamat sa mga kumupkop at nag-ingat sa kalagayan niya. Salamat din kay Kap. [redacted] na nag-asikaso ng lahat ng tanong ko tungkol sa kalagayan ng bata. Rehabilitasyon ang kailangan nila.

